

## Malakas na paghihigpit upang mapabagal ang pagkalat ng COVID-19

Nobyembre 24, 2020 Mga katanungan sa media [Media inquiries](#)

Ang gobyerno ng Alberta ay nagdedeklara ng isang estado ng emergency ng pampublikong kalusugan at naglalagay ng mga agresibong hakbang upang maprotektahan ang sistema ng kalusugan at mabawasan ang pagtaas ng pagkalat ng mga kaso ng COVID-19.

Ang mga bagong paghihigpit at pagdaragdag ng pagpapatupad ay magbabawas sa pagkalat ng COVID-19 sa mga pamayanan, protektahan ang mga ospital, panatiliing bukas ang mga paaralan at mga negosyo hangga't maaari, at mas mapangangalagaan ang mga mahihinang Albertans.

Mayroon nang 13,349 aktibong kaso ng COVID-19 sa lalawigan. Dahil sa pagtaas ng mga hospitalization at pagpasok sa intensive care unit, kailangan ang mga bagong paghihigpit.

“Upang protektahan ang ating buhay at kabuhatan, at upang mapigilan ang lalong paglaganap ng COVID 19, kami ay gagawa ng mga bago at mas maigting na hakbang laban sa sakit na ito. Ngaong araw ay magde-deklara kami ng state of emergency para sa pampublikong kalusugan, na mahigpit na ipatutupad para sa kapakanan ng kalusugan, at sistemang pangkalusugan ng Alberta. Maaring mawala ang libo libong serbisyong kalusugan at operasyon kung hindi susundin ang mga alituntuning ito. Kailangang magsama-sama ang mga Albertan para masiguro ang proteksyon ng bawat isa, lalo na ang mga higit na nanganagilangan.”

*Jason Kenney, Premier*

"Karamihan sa mga Albertans ay ginawa ang kanilang makakaya upang sundin ang napiling hakbang sa kalusugan na naipakilala

### Related information

[COVID-19 info for Albertans](#)

[COVID-19 relaunch status map](#)

[COVID-19 public health measures and guidelines](#)

### Multimedia

[Watch the news conference](#)

### Media inquiries

[Christine Myatt](#)

780-446-2179

Deputy Director of Communications/Press Secretary, Office of the Premier

noong nakakaraang 10 araw, subalit hindi sapat ang mga pagsisikap na ito upang mapabagal ang paglago ng COVID-19. Ang mga kaso ng covid, pagpapa-ospital at pagpasok sa ICU ay patuloy na tumataas. Tayo ay nasa kritikal na panahon. Sa pamamagitan ng paggawa ng karagdagang aksyon ngayon, mapabagal natin ang virus na ito, matiyak na ang ating sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay may kakayahang tumugon at maiwasan ang pagsasara ng maraming mga negosyo."

*Tyler Shandro, Minister of Health*

"Ang bilis ng paglago ng mga kaso ng COVID-19 ay nakakaalarma. Sa kabila ng pagpapatupad ng mga bagong hakbang, dahil sa pagkaantala ng oras sa pagitan ng anunsyo at epekto, maaaring kailanganin ng pansamantalang mga hakbang sa sistema ng kalusugan tulad ng pagkansela ng mga apurahan na operasyon upang matiyak na ang mga ospital ay makayanan ang sakit na nauugnay sa COVID. Lahat ng mga Albertans ay dapat seryosohin ang mga karagdagang hakbang na ito; ang virus na ito ay lubos na nakakahawa. Sa pamamagitan lamang ng pagtutulungan ay maaari nating protektahan ang bawat isa, mabawasan ang pagkalat at protektahan ang ating sistemang pangkalusugan."

*Dr. Deena Hinshaw, Chief Medical Officer of Health*

## **Mga bagong hakbang sa Pampublikong kalusugan**

Ang hindi pagsunod sa mga ipinag-uutos na paghihigpit ay maaaring magresulta sa multa ng \$ 1,000 bawat ticketing na pagkakasala at hanggang sa \$100,000 na dumadaan sa mga korte.

## **Mga Panukalang Panlalawigan**

### **Pampubliko at pribadong mga pagtitipon**

Epetibo agad, ang mga sapilitan na paghihigpit sa mga pagtitipon sa lipunan ay may bisa sa buong lalawigan. Ang mga hakbang na ito ay mananatili hanggang sa karagdagang abiso at kasama ang:

- Hindi pinapayagan ang anumang panloob na mga pagtitipong panlipunan sa anumang setting, kabilang ang mga lugar ng trabaho.
- Ang panlipunang mga panlabas na pagtitipon ay limitado sa isang maximum ng 10 mga tao.
- Ang mga serbisyo sa libing at seremonya sa kasal ay dapat sundin ang lahat ng patnubay sa kalusugan ng publiko at limitado sa maximum na 10 kataong dadalo nang personal. Hindi pinapayagan ang mga "receptions".

### **Mga Paaralan (Schools)**

Sa lahat ng mga paaralan, ang Grades 7-12 ay lilipat sa pag-aaral sa bahay sa Nobyembre 30, upang matapos ng maaga ang mga "in-person" na mga klase..

- Ang mga mag-aaral sa mga serbisyong “early childhood” at Grades K-6 ay mananatiling matuto nang in-person hanggang Disyembre 18.
- Ang lahat ng mga mag-aaral ay babalik sa pag-aaral sa bahay pagkatapos ng break ng taglamig at ipagpatuloy ang pag-aaral ng “in-person” sa Enero 11, 2021.
- Ang mga hakbang na ito ay iniuutos.

Ang mga pagsusulit sa diploma ay opsyonal para sa natitirang taon ng pagaaral. Ang mga mag-aaral at ang kanilang pamilya ay maaaring pumili kung magsulat ng pagsusulit o makakatanggap ng isang exemption para sa mga sesyon ng pagsusulit sa Abril, Hunyo, at Agosto 2021.

## **Mga hakbang para sa mga rehiyon sa ilalim ng pinahusay na katayuan**

Epektibo agad, ang sapilitan na paghihigpit sa mga lugar ng pagsamba, mga negosyo at serbisyo ay may bisa sa mga lugar sa ilalim ng [enhanced status](#). Ang mga hakbang na ito ay mananatili hanggang sa may karagdagang abiso.

### **Mga lugar ng pagsamba**

- Ang mga lugar ng pagsamba ay limitado sa isang maximum ng isang-ikatlong normal na pagdalo bawat serbisyo.
- Kinakailangan ang paglayo ng pisikal sa pagitan ng mga sambahayan at paggamit ng mask.
- Ang mga pinuno ng pananampalataya ay hinihimok na ilipat ang mga serbisyo sa online.
- Ang mga pagpupulong ng pangkat ng pananampalataya na personal ay maaaring magpatuloy, ngunit dapat panatilihin ang pisikal na distansya at ang mga hakbang sa kalusugang pampubliko ay dapat sundin.

### **Mga negosyo at serbisyo**

Simula sa Nobyembre 27, ang mga paghihigpit sa negosyo at serbisyo ay nasasailalim sa tatlong kategorya: sarado para in-person na negosyo, bukas ngunit may mga paghihigpit, at bukas sa pamamagitan lamang ng appointment. Ang mga epekto bawat kategorya ay makikita dito: [alberta.ca/enhanced-public-health-measures.aspx](https://alberta.ca/enhanced-public-health-measures.aspx).

Ang mga hakbang na ito ay mananatili sa loob ng tatlong linggo, ngunit maaring pahabain kung kinakailangan.

Hinihimok ang mga Albertans na limitahan ang mga pagbisita nang personal sa mga lokasyon ng “retail” o tingi, mamili sa mga local na tindahan at gamitin ang paligid sa pagkuha ng mga pinamili, paghahatid at mga serbisyong online, kung posible.

## **Mga tiyak na hakbang para sa Calgary, Edmonton at mga kalapit na pamayanan**

### **Sapilitan na kinakailangan para sa pagsuot ng mga mask**

Epektibo agad, isang bagong kautusan sa paggamit ng mask para sa mga panloob na lugar ng trabaho ay iniutos sa Edmonton, Calgary at mga kalapit na lugar. Kasama rito ang anumang lokasyon kung saan naroroon ang mga empleyado, at nalalapat din sa mga bisita, kabilang ang mga tauhan sa paghahatid, at mga empleyado o kontratista.

Ang panukalang ito ay mananatili hanggang sa karagdagang abiso.

Ang lahat ng umiiral na patnubay at ligal na utos ay mananatili sa lahat ng mga lugar. Ang Alberta Health, AHS at mga lokal na munisipalidad ay patuloy na masusing sinusubaybayan ang pagkalat sa buong lalawigan.

## **Mabilisang Impormasyon**

- Ang ibat-ibang bahagi ng bagong hakbang na ito ay maaaring matagpuan dito [here](#).
- Mayroong 13,349 mga aktibong kaso at 35,695 na gumaling sa Alberta.
- Mayroong 348 katao sa ospital dahil sa COVID-19, kabilang ang 66 na nasa intensive care.
- Ang kabuuang bilang ng mga namatay sa COVID-19 ay 492.
- Ayon sa batas, lahat ng mga Albertans ay dapat na magdistansya ng pisikal at ihiwalay ang sarili kapag may sakit o may mga sintomas.
- Ang mabuting kalinisan ay ang iyong pinakamahasag na proteksyon: regular na hugasan ang iyong mga kamay nang hindi bababa sa 20 segundo, iwasang hawakan ang iyong mukha, umubo o bumahin sa siko o manggas, at itapon ang mga tisyu nang naaangkop.